# *PAG-ALAALA SA PANGINOON*

Salamat, Kapatid na Neville. Lubos akong natutuwa na makapunta rito, Kapatid na Neville, at sa—sa pagkakataon na makaupong muli sa Makalangit na mga dakong ito, kay Cristo Jesus. At di kailanman hadlang sa akin ang bilang, palagi itong nagpapasigla sa akin. Alam n'yo, higit. . . mas nararamdaman kong nasa sariling tahanan ako kapag kakaunti lang ang dumalo, dahil ganoon sa tingin ko ang Iglesya. Oo, may Kasulatan ako para dun, sinasabi, "Huwag kayong matakot, munting Kawan, kaluguran sa inyong—inyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian." At aking. . . 'yun ang munting Kawan na gusto kong doon mapabilang sa araw na 'yun, ang sinabihan Niya na, "Huwag matakot." At napakasaya natin para sa pribilehiyong makadako rito ngayong gabi.

2 At hindi ako dumating na may intensyon na mangusap. Kani-kanina lang may dumating sa pintuan, at habang nasa isang pag-aaral ako, naghahanda ng ilang konteksto para sa ilang teksto na gusto kong gamitin ngayon agad sa parating na mga pagtitipon ng Phoenix at Tucson, at sa iba't iba pang dako roon. At talagang pinapakain ako sa Espiritu, alam n'yo, ng mabubuting bagay ng Diyos, tungkol sa isang Pinakabatayan, at isang paksa tungkol sa *Pinakabatayan*. At lumapit ang asawa ko at sinabi niya sa akin na may dumating daw para makipagkita sa akin, at hindi ko—hindi ko tuloy 'yun nakuha nang buo, tapos maya-maya pa, hayan nga, ang sabi, "Pupunta po ba kayo sa simbahan mamayang gabi?"

3 At sabi ko, "Sa tingin ko." At bumaling na ako para pagsikapan na makapanatili sa espiritu ng ginagawa ko. At bumalik siya't sinabing may darating daw na isang lalaking may sakit para maipanalangin. Sabi ko, "Buweno, kung ganoon, pupunta ako sa simbahan, papaano man, kita mo, kung kailangang manalangin para sa maysakit." Palagi akong, kapag ganoon. . . Alam n'yo, 'yung mga ganoong bagay ay. . . dapat nating puntahan sila kaagad hangga't maaari kapag may sakit ang mga tao at nangangailangan. Sinumang nagkasakit ay alam kung paano pasalamatan ang mapagaling ng dakilang kapangyarihan ng Diyos na siyang nagpapagaling. At napaka kamangha-manghang bagay nga ito, napakalaking pribilehiyo.

4 Ngayon, sa susunod na Linggo, kung loobin ng Panginoon, kung wala namang tampok na gawain sina Kapatid na Neville at ang iba, naisip ko na sa susunod na Linggo ay aking—aking ihahatid ang Pamaskong mensahe ko sa mga tao, dahil hayan nga ang iba—hayan nga ang ilan. . . Nanggagaling pa sa malayo ang iba sa kanila, alam n'yo, at gaya ng Georgia at iba't ibang lugar,

at para malaanan sila ng panahon na makabalik sa oras para gawin ang pamimili nila para sa Pasko at mga bagay-bagay.

5 At kalalabas lang ni Billy at sinabi sa akin, ang sabi'y ang kapatid ko raw, si Delores, sa susunod na Linggo ng gabi bago ang gawain, mayroon daw siyang parang munting—mumunting sorpresa para sa mga bata, isang maikling programa rito na kanilang, alam n'yo na, isang maikling Pamaskong dula na gusto nilang itanghal bago magsimula ang mga gawain. At sabi ko, "Buweno, hindi ba't Linggo 'yun ng gabi?"

Sabi, "Oo."

Sabi ko, "Sige't hindi 'yun makakaabala, kung ganoon."

6 Ngayon, kita n'yo, sa susunod na Martes ay bisperas na ng Pasko, kung ganoon kung. . . o sa susunod na Martes, sanlinggo, ay Pasko na. Kaya magagahol ang mga tao, kita n'yo, at kaya kailangan nang umuwi ng bisperas ng Pasko, at sa Lunes, kaya naisip ko na ako. . . oo, dalawang linggo. Siyanga, tama na dalawang linggo. Kaya naisip ko na marahil pumunta ako ngayong gabi at ipabatid sa mga tao, kung loloobin ng Panginoon, at kung wala namang anumang tampok na gawain si Kapatid na Neville. Na, kadalasan ay gusto kong ilahad ang Pamasko kong mensahe sa iglesya, at ang mensahe ko para sa Pasko ng Pagkabuhay, at kung ano man ang ilagay ng Panginoon sa puso ko na ibigay. At sa susunod na Linggo, loobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo ng umaga ay ibibigay ko. . .

7 At ang dahilan kung bakit kukunin ko 'yung umaga imbes na gabi, ay para sa mga tao na nanggagaling pa sa malayo, may hapon pa sila para makapagbiyahe't makauwi sila, kita n'yo. At mas gusto ko sanang gawin ito nang gabi, sa tingin ko mas maganda sa gabi. Gusto ko—gusto ko ng panggabing gawain, kapag bumaba na ang araw, para pong, ganoon. Ang Diyos sa halamanan ng Eden, kay Adan, ay dumarating sa kalamigan ng gabi at nakikipag-usap kay Adan. Kita n'yo, at gusto ko ng panggabing gawain. Pero, at dahil sa mga sirkumstansya rito, siyanga't magiging mas mainam kung isasagawa ko ito nang umaga, at para makaalis agad ang mga tao.

8 At nagpapasalamat ako na pinapalawak ang tabernakulo rito hanggang diyan sa kabila sa labas natin dito, na may ilang maidaragdag na espasyo rito. Matapos ang lahat ng mga pagkaabala't kabusisian, sa wakas ay nakuha na rin natin ito. Alam n'yo, si matandang Kapatid na Bosworth dati'y may ugaling mapagpatawa, sabi, "Ang sanggol daw na umiiyak nang pinaka malakas ang nakakakuha ng pinakahigit na atensyon." Siyanga't malaman 'yun, alam n'yo, at kaya naman sa tingin ko'y may pakinabangan sa pag-iyak nang kaunti paminsan-minsan, hindi ba't ganoon din ang tingin n'yo?

9 Ganoon nga, at gusto kong kilalanin si Kapatid na Anthony at ang mga kasamahan niya rito dahil sa magandang musika

na ’yun. Kapapasok ko pa lang at narinig ko ’yun. At, alam n’yo, mga trumpeta ’yung mga instrumentong ’yun. Gusto ko sanang ang isa sa mga anak ko, kahit isa man lang sa kanila, ay makatugtog ng trumpeta, ako—ako . . . at ’yung mga hinihipan na instrumento.

10 Nagsimula na si Becky sa piyano, pero dahil siya’y kabataang nasa disi ang edad, alam n’yo na, hayan nga, gusto na niyang huminto agad. At—at nagsimula siya . . . Sabi nung guro’y kailangan daw nilang mag-umpisa sa popular na musika. Hindi, hayan nga, hindi ko ibig sabihin . . . alam n’yo po ang ibig kong sabihin, mga obertura, at kung ano pa, ng klasikong musika, para makadako sa relihiyosong musika. Kapag naabot na niya ang mataas na grado niya roon, saka naman niya iisipin, “Buweno, hihinto na ako.” At ako—ako . . . problema ang mga kabataan. At, ganoon pa man, kinakailangan kasing isang pagkatawag ’yun ng Diyos, sa simula pa lang. Sa pakiwari ko ang kapatid niya, si Sarah, diyan sa likod ay dadaigin pa siya, hayan nga, at hindi pa man natuturuan. Kaya nga, kaya mangyaring ang pagkatawag ng Diyos ay mas mabuti kapag ipinagkaloob ito nang ganoon.

11 Pero gusto ko ’yung trumpeta. Naaalala ko pa noong inihandog nila ang tabernakulong ito roon sa may kanto, tumunog ang mga trumpeta sa loob ng kalahating araw dito, “Doon sa may krus na Tagapagligtas ko’y namatay, doon na pagpapatawad ng sala ko’y aking saysay, doon sa puso ko’y ang Dugo’y inilagay,” noong inilalagay ko ang aking teksto sa batong panulok.

12 At naaalala ko isang gabi sa simbahan ng Trinity Methodist, noong ang matandang si Doktor Morrison . . . Marami sa inyo na nabuhay na noong mga panahon ko’y maaalala n’yo si Doktor Morrison, isang matandang banal na lalaki. Nawalan ang Asbury ng isa sa mga dakilang lalaki mula noong Asbury, noong mawala sa kanila si Doktor Morrison, sa kanyang katandaan, isang banal na matandang lalaki. At noon pa ma’y gustung-gusto ko na siyang naririnig na nangangaral. At nagpupunta ako para mapakinggan siya sa simbahan ng Trinity Methodist doon. At noong gabing ’yun, dalawang lalaki ang lumabas sa maliit na balkonahe habang naglalakad kami ng maybahay ko, at hawak nila ang kanilang mga trumpeta sa ere nang paganoon, at ang mga instrumentong ’yun doon, at tinugtog nila ’yun, “Doon sa may krus na Tagapagligtas ko’y namatay!” Ang malaking krus doon sa ituktok, ay umiikot. Napahinto na lamang ako sa pagkakatayo sa kalye at itinaas ko ang mga kamay ko, sinimulan mismo na papurihan ang Diyos nang bigla. Hindi ko kayang pigilan.

13 May kung anong klase ng emosyon sa kaibuturan ng isang Cristianong ipinanganak nang muli, kapag pumintig Ito, tiyak na may mangyayari, ganoon nga mismo. Oh, ako . . . Walang

tulad sa isang makalumang Cristiano. Siyanga. Hindi ako kukuha ng anupamang hahalili rito, sa karanasan ko, hindi ko ito ipagpapalit sa anupamang kayamanan ng mundo, o ang buong mundo, ni ang buong solar system at lahat, na ipagpapalit sa itinuro sa akin ni Jesus tungkol sa Kanyang Sarili.

14 May isang lalaki na nakaupo kasama natin, sa tuwing tumitingin ako sa likod ay lumulukso ang puso ko. Isa itong lalaki na nakita kong tumanggap ng komunyon, noong isang gabi, nakasaklay siya kung maglakad. May nakapagsabi na ba sa iyo na kamukha mo si Oral Roberts? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Buweno, kapatid, kayo lang po, habang pumapasok ako rito ngayon. Hinihintay kong mahalata mo 'yun."—Pat.] Sinasabi ko, sa tuwing aking . . . Ilan na . . . Nakita n'yo na si Oral Roberts, halos lahat kayo. Kung hindi ba't kamukha nga niya si Oral Roberts! Mangyaring napatingin ako sa likod. At sa tingin ko—sa tingin ko medyo mas malaki siyang tao kaysa kay Oral. Pero tingnan n'yo mismo ang paraan ng pagkasuklay niya ng kanyang buhok, at ang noo niya at ang itsura niya, at sa tuwina'y para bang marangal na lalaki, nakaupo na gaya ni Oral. At kaya naman ako'y—ako'y napapaisip lagi, "Kapatid na Oral?" Parang kamukha talaga niya.

15 Si Kapatid na Oral po'y magpapasimula ng parang eskuwelahan ng Biblia roon ngayon, sa palagay ko, o kung ano. Nabalitaan ko ang tungkol dito noong isang araw. Ano 'yun? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Unibersidad."—Pat.] Unibersidad. Oo. Si Kapatid na Carl Williams ang isa sa mga pangunahin niya rito, na parang ganoon, hindi ko lang alam kung anong eksakto mismo.

16 Ngayon, ngayon tandaan n'yo, sa Linggo, loobin ng Panginoon, sisimulan natin, itong aking Pasko ng Pagkabuhay . . . o Pamaskong mensahe. At mangyari nga na ako'y—ako'y nagpapasalamat na nasisimulan na ang tabernakulo. At siyanga't umaasa akong hindi lang ito dagdag sa bilang, kundi ito'y magiging dagdag sa biyaya na ipagkakaloob ng Diyos sa ating iglesya, sa ating kilusan, sa ating . . . hindi kilusan, kundi sa ating kongregasyon na ating pinagtitipunan na magkakasama. Gustung-gusto natin ito.

17 At—at gusto ko lang sabihin ito. Hindi ako gugugol ng maraming oras. Pero, marami akong mga bagay na dapat ko sanang sabihin, pero hindi ko na magawa, gugugol kasi ito ng napakaraming oras. Pero, gusto kong sabihin ito, isa itong bagay na hindi ko maaaring sabihin. May mga bagay (nauunawaan ng lahat) na alam mo, at ito'y sa Pangalan ng Panginoon, ganoon pa man ay hindi mo ito maaaring sabihin. Kita n'yo, kailangan mo itong itago sa iyong sarili. Kita n'yo? Pero may isang partikular na kaganapan ang umuusad, at matagal-tagal na rin, na nakatakdang mangyari, na nababalaan ako sa pagmamasid sa Espiritu Santo na kumikilos sa gitna ng mga tao sa dakong 'yun,

at wala silang kaalam-alam ni isa mang makalupang bagay, kita n'yo, pero nakikita ang Espiritu Santo na kumikilos papunta roon. Ihahayag ko ito, kung loobin ng Panginoon, sa isang akmang panahon. Ngayon, tandaan n'yo, ipinapakita nun ang Diyos sa kalagitnaan nila.

18 Tulad nga ng, sa palagay ko, may kapatid, oo, ang nagsabi kani-kanina, sinabi ni Kapatid na Neville na, "Ang Diyos, hindi isinasaalang-alang ang ating—ang ating kawalan ng kaayusan sa gitna natin, ang maling inaasal natin sa Kanyang paningin." Na ang tagakita na nagpunta para matyagan ang Israel, at haya't nakita ito nang natural na mata, at kung gaano ito kagulo, at kung papaanong mali ang ginagawa nila at dapat silang sumpain. Pero ang nabigong makita nung obispo ay yaong Batong hinampas na at yaong Ahas na Tanso, kita n'yo, na nagbabayad-sala. Kaya, kita n'yo, noong—noong tumanaw si Balaam sa Israel, nakakita siya ng dahilan para sumpain sila. Kita n'yo? Pero noong tumingin ang Diyos sa kanila, nakita Niya ang bayad-sala. Sabi Niya, "Ikaw ay gaya ng malakas na toro." Amen. "Sinong maglalagay ng anuman sa iyong daan? Ganoon na lamang kabanal, ganoon na lamang katuwid ang iyong mga tolda!" Sa ganoong paraan sila nakita ng Diyos. Kita n'yo? Hindi sa paraan ng pagkakita sa kanila ng tao, hindi sa paraan na—na pagkakita sa kanila ng mga bantog na dignitaryo; kundi sa paraan na nakita Niya sila.

19 At, Oh Diyos, itulot Mo pong ganoon ang maging bahagi ko! Itulot Mong 'yun ang maging bahagi ko, dahil wala akong anuman sa aking sarili na maaari kong angkinin. "Wala akong sukat maihahandog mula sa aking mga bisig, sa Iyong krus lamang ako nakakapit nananalig." Kita n'yo, 'yun lang ang mayroon tayo.

20 Buweno, gabi po ito ng pagtitipon para sa pananalangin, o hindi po pala gabi ng pagtitipon para sa panalangin, kundi ito'y parang isang ebanghelikong grupo rito. Gusto nating—gusto nating ilagay ang Salita. At marahil nais kong mangusap sa inyo ngayong gabi sa loob ng ilang minuto. Marami sa inyo na ibig buklatin ang Kasulatan. . . Buweno, naku alam n'yo, ang kakatwang bagay, nabuklat ko ito ngayon nang esksakto mismo, sa teksto na babasahin ko. Siyanga, po. Kakatwa. Dito po 'yan sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-11 kabanata, at may ilang mga tala akong isinulat dito, saanman dito, na iniisip ko, kung mahahanap ko lang ito ngayon, sa Unang Mga Taga-Corinto, sa—sa—sa ika-11 kabanata. Heto po, dito mismo. Siyanga, po.

21 Ngayon bago tayo dumako sa Salita, dumulog tayo sa May-Akda, kita n'yo, na Siyang Salita, upang humingi tayo ng awa at ng Kanyang mga pagpapala habang pinag-aaralan natin Siya na Siyang Salita. Tayo'y manalangin.

22 Oh Panginoong Diyos, puno ng biyaya at awa, sa Siyang handa sa lahat ng kapanahunan, matapos magkasala ng tao at

inilagay ang malalim na agwat sa pagitan niya at Iyo, isang agwat na hindi niya matatawid nang mag-isa. Ang tao ay ganap, na lubos na napahamak, na walang daan pabalik. Subalit ang Diyos ng. . .puno ng lahat ng biyaya, ay nakahandang kumuha ng isang Kahalili sa lugar nito, at ipinanumbalik ang tao. Yun ang nagpapaligaya sa mga puso ng lahat ng nakakikilala sa Iyo, Panginoon, kung papaanong sa Iyong dakilang pag-ibig at biyaya ay kumuha Ka ng isang Kahalili! At bilang katatapos lang naming ipahayag ito, Panginoon, sa Kahaliling 'yun kami umaasa ngayong gabi, sa Isa na Yaon na namatay sa halip na kaming mga makasalanan, Yaong matuwid na Siyang kumuha ng aming mga kalikuan. Sa Kanya kami nagtitiwala.

23 Ngayon ay taimtim kaming lumalapit sa Kanyang Salita, na nakayuko ang mga puso't mga ulo, sa pagpipitagan at sa paggalang at sa pagpapasalamat. At humihiling na magpadala Ka po sa amin ngayong gabi, ng biyaya, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at ipagkakaloob sa amin ang—ang Tinapay ng Buhay na kailangan namin para tumustos sa amin. Alam Mo po mismo ang kailangan namin, at alam namin na ipinangako Mo na kung kami'y hihingi ay matatanggap namin.

24 Aalalahanin po namin ngayong gabi, Panginoon, ang lahat ng mga batid naming may sakit at nangangailangan, na maipagkaloob sa kanila ang biyaya ng Diyos nang sagana. At, Ama, idinadalangin po namin ang mga nagsitalikod, na sa darating na bakasyong ito ay magpaalala sa kanilang puso, na mula sa dati nilang kinalalagyan, at nahulog sa labas ng Iyong pakikisama. Diyos, idinadalangin namin na magbalik sila (ipagkaloob Mo po ito, Panginoon), bumalik sa kongregasyon, sa—sa Kapulungan ng Panganay, magbalik sa kung saan may biyaya at awa, at pag-ibig at kabaitan, at kagalingan ng aming mga kaluluwa, aming mga isipan at aming mga katawan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Pagpalain Mo ang Salita sa gabing ito. Palakasin Mo kaming lahat, at ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong mga pagpapala, dahil hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

25 Ngayon, sa loob lamang ng ilang saglit ibig kong tawagin ang inyong pansin sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-11 kabanata, ika-23, ika-24, at ika-25 talata.

> *Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo, Na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:*
>
> *At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Kunin ninyo, at kanin: ito'y aking katawan, na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.*
>
> *At gayon din naman hinawakan ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang*

*bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito, sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin.*

26 Kung bibigyan ko ito ng isa lamang maikling teksto na gusto kong ipamagat, ito ay: *Pag-alaala Sa Panginoon*. Mistula ngang para ito sa gabi ng. . .o isang mensahe na dapat sana'y ipinangaral noong nakaraang Linggo, sa hapunan ng Panginoon. Pero gusto kong talakayin ito sa medyo ibang anggulo sa loob ng ilang minuto habang tinitipon natin ang ating—ating mga pag-iisip nang sama-sama, at nasa pagsamba sa Panginoon.

27 Maaari nga tayo, siyempre pa, magsimula sa hapag ng Panginoon, dahil isang magandang lugar 'yun kung saan tayong lahat ay umaalala. Inaalala ang Diyos sa Kanyang hapag, na, talagang, tumutukoy ang teksto roon. Pero, 'yun nga'y, sinabi ni Pablo na ating kunin ang saro at—at inumin ang—ang dugo, at kanin ang tinapay na kosher, sa pag-alaala, para alalahanin ang ginawa Niya para sa atin. At habang—habang ginagawa n'yo ito, ayaw n'yo itong maging ordinaryo lang, na pangaraw-araw na bagay; gusto n'yong dumulog talaga, na inaalala ang Panginoon. Kita n'yo? Alalahanin n'yo na ang Kanyang biyaya at ang Kanyang habag, at tanging 'yun lang, ang nagbibigay sa inyo ng natatanging pag-asa na mayroon kayo. Kahit ano pa man ang gawin n'yo, walang anumang bagay kahit saan ang maaaring pumantay ano't anuman sa ginawa ni Cristo para sa inyo.

28 Nagkaroon ako ng isang malungkot na karanasan ngayong linggo, at gayunman ay isang maluwalhati, ang matatawag ko rito, inilibing ko ang isang kapatid na minsang naupo ritong kasama natin. At alam ng marami sa inyo ang okasyon. Yun ang ating mabait na Kapatid na Rogers, si Busty Rogers, at tinatawag natin siyang, Everett. At sina Kapatid na Banks Wood dito, at Kapatid na Sothman, magkakasama kaming nagpunta sa libing.

29 At—at bumiyahe ako sa niyebe, doon sa dating lugar kung saan ko siya unang inilubog, mga dalawampung taon na ang nakalipas. Noong panahon na 'yun nung ilubog ko siya, 'yun ay sa maputik na tubig, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Habang dumadaan kami sa lumang pamilyar na tulay doon sa Totten Ford, kausap ko ang mga kapatid, at sabi ko, "Isang araw noong nagdaos ng gawain ang isang ministro ng denominasyon sa isang—isang malaking tolda roon, ang sabi niya, 'Yung munting mali-mali na 'yun sa simbahan ng Baptist, na nagbabaustimo sa mga tao sa Pangalan ni Jesus Cristo,' sabi niya, 'kung may sinuman na nabaustimuhan sa ganoong paraan, ay hindi mismo tatanggapin sa ilalim ng tolda ko.'"

30 At mangyaring noong oras na 'yun ay may ilang nakaupo roon na nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at 'yun sina Kapatid na George Wright at ang pamilya niya. Sila nga'y. . .Ang tanging magagawa nila'y ang hindi na bumalik pa.

31 Kaya noong araw na 'yun sa tabi ng ilog, oh, umalis na lang siya sa pagtitipon nito't nagpunta para mistula bang magmasid, at nakatayo ang kongregasyon niya roon. At dumating ako roon sa lugar. At paulan-ulan noon sa itaas ng mga burol doon, at inanod ang mapuputik na bukid, at pinaging maputik ng maliliit nitong sanga-sangang ilog ang Blue River. Lumusong ako sa tubig, na halos kasing lalim ng baywang. At ako... Ang isa sa mga katiwala, o mga diyakono, pala, ang nagbigay sa akin ng Biblia, at binasa ko kung saan sinabi ni Pedro noong Araw ng Pentecostes, "Magsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at tatanggapin n'yo ang kaloob ng Espiritu Santo."

32 Yun ang araw na nakaratay roon si Georgie Carter, na nagsisikap na maitaas niya ang kanyang mga kamay, tumitimbang lamang ng mga humigit-kumulang animnapung libra, naratay nang siyam na taon at walong buwan sa higaan, nang hindi gumagalaw. At ang mga kamag-anakan niya, ang iglesya na kinabibilangan niya, sila'y nagsabi, kung may sinuman daw na magpupunta sa pagtitipon ko, ay ititiwalag sila sa kanilang pakikisama sa iglesya. At ganoon nga na noong gabi ring 'yun ay agad siyang gumaling. At pagkatapos ay gusto niyang mabautismuhan kagaya nung dalagitang Nail na naroon; na nakakita ako ng isang pangitain, at alam n'yo na 'yung kuwento, bumaluktot ang mga kamay at mga paa niya; at pumasok sa pangitain at sa kapangyarihan ng Espiritu, pinatungan siya ng mga kamay, hayun nga siya't gumaling. At mangyaring pareho ang kinabilangan niya. Buweno, isa 'yung iglesya ng Methodist. Ang ministro ng Methodist, si Kapatid na Smith, ay ang nakatayo sa pampang kasama ng kanyang kongregasyon.

33 At nagsimula akong magbautismo sa Biblia, ng Cristianong bautismo. At mga noong oras na 'yun nakapagbautismo ako ng lima o anim na katao, nang bigla na lang, naputol 'yung pila't hilera, doon sa burol. Heto't dumarating mismo ang grupo ng Methodist na 'yun na nakadamit ng magagarang damit nila, para magpabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus. At isa-isa, mga binibini na suot-suot ang magaganda nilang sutla at mga pangtag-araw na kasuotan, lumusong mismo sa putik na 'yun, na binubura ng luha ang kanilang mukha, at nabubura ang lipstik, papunta roon para—para aminin—aminin ang pagkakasala at—at para magpabautismo.

34 At kasama ng grupong 'yun, isang matipuno't, malapad ang balikat, na parang naka-gupit GI, malapad ang mukha, matikas na lalaki lumapit doon na suot ang kanyang magarang, asul na lanang terno. Sabi niya, "Ako, rin, ay nakapagpasya na." Yun si Busty Rogers, na walang nagsabi sa kanya ng kahit ano. Inilubog ko siya roon sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, sa kanyang

pagpapahayag.

35 At noong nakaraang linggo ay inilubog ko siya sa ilalim ng lupa sa Milltown. At nangusap ako sa pangangaral ng: *Ang Kasakdalan Ng Pagkabuhay Na Mag-uli*. Naging isang misyunero ako, at nakakita na ng iba't ibang diyus-diyosan at ng mga pilosopo; at ganoon nga ang matatawag sa lahat ng 'yun, na nasa labas ng Cristianismo, isa lamang pilosopiya, na naniniwala lang sila sa *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*. Pero ang dakilang Lumikha na Siyang lumalang sa sangnilikha! Tiyak na may isang Lumikha kung may nilikha. Kung mayroong nilikha, ginawa ito ng isang Lumikha. At sumasalamin ang anumang gawa ng tao sa kanyang sarili. Kung magaling siyang karpintero, mahusay ang gawa niya, nagtatayo siya. At kung isa naman siyang mahusay na mekaniko, mahusay ang gawa niya. Sumasalamin lang sa iyo ang gawa mo. At ang nilikha ng Diyos ay sumasalamin sa Diyos. At ginawa ng Diyos ang lahat ng bagay para sa isang layunin. At ang lahat ng gumaganap sa layunin ng Diyos, kapag ito'y namatay, mayroon itong pagkabuhay na mag-uli. Magbanggit kayo sa akin ng isang bagay. At maraming bagay ang mababanggit ko, gaya ng mga bulaklak at mga punongkahoy.

36 At kung papaanong sumisikat ang araw sa umaga, ay isang munting sanggol na isinilang, mahina pa ito, ang mga sinag nito. Bandang alas diyes, isa na itong kabataan. At sa alas dose sumisikat na siya sa kanyang kalakasan, sa kariktan ng babae-o lalaki. At bandang alas dos ng hapon, ito'y nagiging kagaya ko na. At pagkatapos bandang alas singko ng hapon, nagiging parang lolo na ito, papalubog na siya. At sa huli'y lumamig na ang mga sinag niya sa lupa, at mamamatay na siya. Yun na ba ang wakas ng araw? Naganap niya ang layunin ng Diyos. Pinatubo niya ang buhay ng mga halaman habang tumatawid siya sa ibabaw ng lupa. Ang lahat ng mga halaman na namatay noong nakaraang taon, ay binuhay niya. Yun na ba ang katapusan niya kapag ginanap niya ang layunin ng Diyos? Haya't muli siyang sisikat kinaumagahan, na may isang bagong buhay! Ganoon din ang bawat punongkahoy, lahat ng iba pa, lahat, buwan, mga bituwin, solar system, lahat ay may mga pangako.

37 At kapag ginanap ng isang tao ang layunin ng Diyos, may pagkabuhay na mag-uli na kasintiyak ng anumang bagay. Ang tanging kailangan nitong gawin, ay, hinihintay na lang ng Diyos ang oras, katulad Niya ngayon.

38 Katatapos lang mahulog ng malalaking dahon sa mga punongkahoy, o malaglag, pala. Kung saan ang pula, luntian, asul, kulay-kape, lahat ng iba't ibang kulay sa kalaparan ng malawak na dibdib ng lupa, kung saan ang kalikasan ng Diyos ay nakahimlay na patay sa ilalim nito, siyanga't itinanim lamang ng Diyos ang Kanyang pumpon ng mga bulaklak. Pero alam Niyang kapag itinanim Niya ang pumpon ng mga bulaklak, mayroong

pagkabuhay na mag-uli sa tagsibol! Kinakailangan lang ng mundo na umikot sa tinatahak na landas nito hanggang sa makabalik itong muli nang tama kasama ang araw, at babangon ito sa paglilibing na mga bulaklak.

39 Huwag n'yo kailanman sasabihin, "Ito na ang katapusan," kung papaanong ang mga dahon, kulay-kape doon sa puno, ay hindi nagsasabing katapusan na. Ang tanging kailangan nitong gawin, ay hintayin ang pag-inog ng panahon ng Diyos na dumaan, hanggang sa panahon ng pagdating ng Anak ng Diyos. At ang bawat buhay na nilalang na namatay kailanman kay Cristo ay magsisibangong mag-uli. Sa Kanyang Presensya, na inaalala Siya. Oh, pagdating ko sa dulo ng aking landas, gusto kong mamatay sa Kanyang Presensya, na inaalala Siya, na Siya ay nasa pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Siya Yaon.

40 Pagkatapos sa pagdako natin sa hapag ng Panginoon. Ang hapag ng Panginoon, gaya ng naipaliwanag ko na dati rito, ay hindi. . .Naniniwala tayong ang tinatawag nating "ang komunyon" ay—ay ang pagkain ng tinapay. Nailalagay natin ang maling—ang—ang maling. . .Nailalagay natin ang tamang bagay sa maling lugar. Hindi 'yung tinapay ang mahalaga, hindi 'yung alak ang mahalaga, na 'yung kosher na tinapay at 'yung alak. Pero mangyari nga, na, ang ibig sabihin ng *komunyon* ay "makipag-usap," at, sa pakikipag-usap sa Kanya, ay inaalala Siya. Sa tingin ko'y ito ang pinaka mapagpalang oras ng mga gawain. Kita n'yo? Ang bawat oras ng buhay natin ay dapat na maging isang komunyon.

41 Ang pakikipag-komunyon sa Panginoon ay tulad sa isang oasis sa kalagitnaan ng disyerto. Mistula itong bukal sa ilalim ng lawa, na kung saan ang—ang manlalakbay na mapapadaan, ay humihinto't umiinom sa tubig hanggang sa mapawi ang kanyang uhaw. Ganoon ang pag-alaala sa Panginoon. Ang pagdulog sa kaayusan ng Kanyang hapag, kung saan ang dumaraang manlalakbay na—na tumitigil pansumandali rito sa lupa kasama natin, na magkakasama, na maaari tayong dumako sa Kanyang hapag, at doon ay uminom ng Kanyang mga pagpapala't ng Kanyang biyaya, at ng Kanyang Salita, sa pakikisama sa palibot ng Kanyang Salita, hanggang sa ang ating mga uhaw na kaluluwa'y masiyahan. At kapag nilisan na natin ang lugar ng pagsamba, na masigla't nasiyahan; susuong para muling harapin ang mga problema sa disyerto, ang mga problema sa disyerto ng buhay. Oo, isang oasis sa disyerto, na pinananariwa ang ating mga sarili, pinagiging maayos ang mga sarili natin, kapag tayo'y nauuhaw.

42 Ganoon dapat sa bawat mananamba. Ito'y kasa-. . .Nasa bawat tunay na mananamba, na nasasabik silang magsama-sama. May kung ano sa pakikisama na—na Makalangit, itinatag ito ng Diyos, at ito'y banal, sagrado. At ang mga matutuwid ay nauuhaw para rito.

43 Gaya ng sinabi ni David, na ang kanyang "kaluluwa'y nauuhaw sa Diyos, na gaya ng usa sa tubig ng batis." Ang maliit na sugatang usa na kinagatan ang tagiliran nito ng mga aso, at ito'y—ito'y nakawala sa kagat nito. At nakatayo ito, humihingal at alisto. Kung saan, umaamoy gamit ang pandama na ibinigay ng Diyos dito, haya't kaya niyang amuyin ang tubig milya-milya man ang layo. At inaangat nito ang maliit nitong ulo sa ere habang nauubos ang kanyang buhay dahil sa pagdurugo. Alam nito, na kung makakapunta lang siya sa bukal na 'yun, ay maaari siyang mabuhay. Wala nang makakahabol sa kanya sa pagkakataon na 'yan. Makarating lang siya sa tubig, malilinlang niya ang bawat asong maipapahabol mo sa kanya, dahil batid niya na kanyang—kanya nang natagpuan ang mapagkukunan ng buhay.

44 At kapag nakarating ang iglesya sa dakong 'yun, kung saan si Cristo ay napakahalaga sa atin na nasasabik tayong makapunta sa Kanyang Presensya at makasama ang isa't isa, ito'y isang Mapagkukunan ng Buhay. Wala nang diyablo kailanman ang makakaabot sa iyo. Maging ang kamatayan mismo ay natalo na roon. Oh, napaka dakilang pag-asa! Napaka dakilang dako! Papanariwain natin ang ating sarili. At, sa paggawa nito, inaalala si Cristo na Siyang nagbunsod na maging posible ito para sa atin. Siya Yaong May Gawa ng mga bagay na ito para sa atin, dapat natin Siyang alalahanin. Dahil, tandaan n'yo, minsan tayong mga dayuhan at walang Diyos, mga Gentil, tangay-tangay na may mga diyus-diyosang pipi. Pero, alalahanin n'yo, hindi namatay si Cristo para sa mga Judio, bagkus para sa bawat nilalang sa nahulog na lahi ni Adan, haya't namatay si Cristo.

45 Habang inaalala natin Siya sa Kanyang tagsibol ng—ng komunyon, dapat nitong—dapat nitong ipaalala sa atin ang panahon na gaya noong nasa kanilang paglalakbay ang Israel. At naglalakbay sila noon, bagaman nasa mismong pagganap ng tungkulin, sila'y nasa kanilang daan mula Egipto papunta sa pagliligtas sa kanila, tungo sa lupang pangako, at, sa mismong paggawa nila ng tungkulin, ay naubusan sila ng tubig. At talagang tuyo ang bawat matanaw nila, na dako, bawat. . .sa paanan ng bawat burol kung saan dapat sana'y may mga bukal, ay wala. At halos mangamatay sila sa disyerto. At pagkatapos ay may lumitaw na Bato, haya't hinampas ni Moises ang Batong ito at mula rito'y lumabas ang saganang tubig. Bawat lalaking uhaw, bawat babaing uhaw, bata, o maging bawat uhaw na hayop, ay maaaring uminom ng saganang tubig.

46 Gaya ng Juan 3:16, ang ginintuang teksto ng Biblia, ay sinabi, "Dahil gayon na lamang inibig ng Diyos ang sanlibutan, ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumasampalataya (sumasampalataya, nakikipag-usap, umaalala sa Kanya) ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan." Inaalalang

si Cristo ang ating Batong hinampas, para iligtas ang isang mundong naghihingalo, isang naghihingalong Gentil, isang naghihingalong Judio, isang naghihingalong mundo. Ibinigay ni Cristo ang Kanyang Buhay nang sagana, upang ang lahat ng nagugutom at nauuhaw, sabi ng propeta, "Narito, magsiparito kayo sa bukal, magsibili kayo sa Akin ng gatas at pulot nang walang bayad." Magsilapit kayo, dahil ito ang komunyon, pumarito kayo bilang pag-alaala sa Panginoon.

47 Naiisip ko ang pag-alaala sa Panginoon muli sa isang lugar ng pagpapanariwa, sa balon na tinawag na *Beerlahairoi,* na ang ibig sabihin sa wikang Hebreo, "Ang balon Niya na nabubuhay at nakakakita sa akin." Si Hagar, hindi naunawaan, bagamat siya'y nasa pagganap ng tungkulin. Hindi naunawaan, hinusgahan nang mali, at pinalayas, na walang lugar na mapupuntahan, kasama ang isang naghihingalong anak, naubos na ang tubig sa bote. At ang munting bata'y umiiyak. At tanging ang puso ng isang ina ang nakababatid kung anong bigat na marinig ang pag-iyak na 'yun para sa tubig, habang namamaga na ang maliit niyang dila, at nanunuyo na ang kanyang mga labi, at ang anak nito'y pahina na nang pahina bawat minuto. Pinalayas, nasa mismong pagganap ng tungkulin, walang lugar na mapupuntahan. Matagal na rin siyang walang mainom, mismo, hanggang sa mapiga na niya ang huling patak sa munti nitong nanunuyong mga labi. At pagkatapos ay nasaid na ang bote, at inilapag niya ito at patuloy na lumakad. At sumisigaw ang munting bata para sa tubig, at nanghina ito nang nanghina; ang nag-iisa niyang anak.

48 Di maikakatwang ang inosente niyang puso'y humibik, "Oh Diyos, ano pong nagawa ko? Ano pong nagawa ko?" At hindi niya kayang makita ang bata na mamamatay na lang sa mga bisig niya, kaya inihiga niya ito sa ilalim ng palumpong. At nagtungo siya sa di kalayuan, marahil sandaang yarda o higit pa, at nakakita ng maliit na puno, at lumuhod siya't nagsimula siyang umiyak doon. Dahil sa isip-isip niya, "Bakit?" Kung ginawa niya ang tama, bakit darating ang bagay na ito sa kanya? Madalas naiisip natin 'yun sa mga karamdaman at pagdurusa natin, kita n'yo, pero marahil nangyari itong lahat para ipakita ang biyaya't awa. At habang iniisip niya 'yun, narinig niya ang mahihinang hibik hanggang sa tuluyan na itong nawala, para sa tubig.

49 Narinig niya ang isang Tinig na nagsalita, "Bakit ka umiiyak? Anong iniiyakan mo?"

50 At tumingala siya, at nakita niya 'yung balon na bumubulubok. Isang bukal nga ng pagpapanariwa! Beerlahairoi, baka mali ang pagkakabigkas ko. B, dobleng e, r-l-a-h-a-i-r-o-i, na ang ibig sabihin, "Ang balon Niya na nabubuhay at nakakakita sa akin! Siya na hindi maaaring mamatay! Melquisedec! El Shaddai! Siya na nabubuhay at

nakakakita sa akin, nalalaman ang aking mga pangangailangan, Kanyang naalala ako. At doon ay naalala Niya ako kung papaanong naalala ko Siya, at alam ko na Siya'y nabubuhay at pinasibol Niya rito sa disyerto, ang balong ito."

51 At, mailalapat natin 'yan sa isang oras na mensahe ngayon din, ukol sa araw na ito ngayon, kung saan ang disyerto ng mga iglesya, ng mga denominasyon, at—at ang—ang—ang mga mangangaral ng panlipunan na Ebanghelyo at ang—ang mga kalakaran ng mundo ay gumapang na papasok, at naging denominasyon at nagkahati-hati na.

52 At pagkatapos ang isipin na naroong muli ngayong gabi, ang bukal Niya na nabubuhay at nakakakita sa akin. Yun dapat ang halaga ng pag-alaala kay Cristo para sa mananamba. Oo. Oh, hindi siya naunawaan at pinalayas. Sabi ni Jesus, noong narito pa Siya sa lupa, "Ako ang buhay na Mga Tubig, ako ang Tubig ng Buhay."

53 Gusto kong humango ng isa pang munting kaisipan dito na pumasok sa isipan ko. Noong nililitis si Jesus, at para sa walang ibang kadahilanan kundi pangungutya, ni. . .ipinadala Siya mula kay Pilato papunta kay Herodes. Ngayon, hindi naman kinailangang gawin 'yun ni Pilato, at, alam n'yo, gayong sinubukan niyang hugasan ang kanyang mga kamay rito. Pero sa sandaling nasa mga kamay mo na, siyanga't kailangan mong magpasya. Hindi mo maaaring itulak ito sa iba pang tao. Nakasalalay Ito sa sarili mo, bilang isang indibiduwal. Pero Siya'y—Siya'y ipinadala kay Herodes, para lang—para gawing—para gawing katatawanan, dahil kilala ang pangalan Niya sa pagiging isang manggagawa ng himala at kung ano pa, at isa Siyang itinakwil mula sa iglesya. Kaya si Pilato mismo, naisip niyang kanyang ipadala na lamang Siya kay Herodes, at baka medyo maitutuwid nito ang dating samaan nila ng loob, sa isa't isa.

54 At kaya naman dinala si Jesus sa mga lansangan at doon sa mga lugar hanggang sa iharap Siya sa mas mataas na hukuman, kay Herodes. At noong makatagpo Niya si Herodes, at iniharap kay Herodes ang nag-iisa niyang pagkakataon! Talagang napakahangal ng taong 'yun? Kung nalaman lang sana ni Herodes na ang nakatayo sa harapan niya ay ang katuparan ng bawat propeta ng mga Hebreo, ang kinasasabikan, ang kinauuhawan ng mundo, ay nakatayo sa harap niya, ang katuparan ng sinalita kailanman ng bawat pantas at propeta. Pagkakataon na niya sana 'yun na mapunuan ng biyaya at awa ang kanyang makasalanang puso. Napakahangal niyang tao!

55 At ganoon pa man hindi siya kasing hangal ng isang tao ngayon na iniharap sa ganoon din dahil nagkaroon nga tayo ng dalawang libong taon ng Kanyang turo, at ng Kanyang awa. Pero napakalaking—napakalaking kahangalan ang nagawa ni Herodes noong tumayo siya sa harap Niya at hindi man

lang humingi sa Kanya ng biyaya at awa, hindi man lang humingi para sa kapatawaran ng kanyang kasalanan. Hindi niya napagkilala na nakatayo. . . Hindi sa tingin ko napagtanto nung lalaking 'yun na nakatayo sa harap niya ay ganoong Tao. Sige't patimuin muna natin 'yan pansumandali. Dahil 'yung Taong 'yun ay walang ganoong—ganoong kabangong pangalan na may mataas na katayuan sa lipunan, ng iba't ibang organisasyon at—at mga samahan, at kung anu-ano pa, na kaugnay Siya. Wala Siyang ganoong pangalan.

56 Pero mayroon nga Siya, sa gitna ng mga taong nakakaalam sa Biblia at nakakaalam sa pangako. At mas tapatin ko na, sila na mga paunang itinalaga na sa Buhay na Walang Hanggan, nakilala nila ito nang sandaling tumayo Siya roon.

57 Pero hindi ito napagkilala ni Herodes, wala siyang kamalay-malay rito. Napakalungkot nga 'yun. Ang lahat ng sinalita ng mga propeta sa loob ng apat na libong taon, ang katuparan ng pagsusumamo ng mundo ay tumayo sa harap niya. Doon sa kanyang harapan tumayo ang buong katuparan. At gaya ng sasabihin ko itong muli, iisipin natin na isa siyang hangal na tao dahil nagpasya siya ng isang hangal na pagpapasya, dahil, napansin n'yo na hindi siya humingi sa Kanya ng awa. Humiling siya sa Kanya na—na maaliw siya. "Oh, nabalitaan kong Ikaw raw ay isang—isang manggagawa ng himala." Humiling siya na maaliw sa halip na kahabagan.

58 Ganoon ang sanlibutan, ngayon, ipinapahayag uli ang mismong pasya ni Herodes, kapag nakita nila ang Cristo na gumagawa ng mga himala na gumagawa ng parehong bagay ngayon na ginawa Niya noon, at ang tanging hinihingi nila, "Patingin nga na gawin mo ang *ganito-at-ganito*." Sinasabi n'yo na hindi magandang dako ang katatayuan ni Herodes? Aba'y ang tao sa panahong ito ay magkakaroon ng mas masahol na dako na katatayuan! Nagkaroon si Herodes ng apat na libong taon na karanasan, sa mga propeta't mga pantas. Mayroon naman tayong anim na libo, na may higit na mahusay na turo kaysa mayroon sila noon. Tunay. Kahindik-hindik na bagay ang nagawa nito! Ganoon din ito sa panahong ito, parehong-pareho!

59 Anong nangyari? Hindi ito pinag-isipan nang seryoso ni Herodes. Hindi siya kailanman huminto para isaalang-alang man lang.

60 At ganoon din ito sa mga tao ngayon. Nakikita nila ang kahanga-hangang bagay na ito, namamangha sila rito, pero hindi sila humihinto nang matagal-tagal man lang. Mas sinusubukan nilang makinig sa isang rabi o kung sinong teologo na ipinapaliwanag Itong lahat palayo. At ganoon pa man, kung papaano mismo kapag naiisip ko ang Jeffersonville: "Makailang ulit kong ninais na limliman kayo gaya ng isang inahing manok sa kanyang mga sisiw, pero ayaw n'yo. Makailang ulit kong ninanais na tipunin kayo? Makailang ulit kong ninais na gawin

ito na—na dakong hardin kung saan ang lahat ng mga bansa sana'y dadayo, pero ayaw n'yo." Kita n'yo? Kita n'yo?

61 Ngayon, nakita n'yo na kung anong kailangang alalahanin ni Herodes noong araw na 'yun? Ang malaking pagkakataon niya, ay tinanggihan niya. At sa ibayo roon sa dako ng mga nangapahamak, ngayong gabi, naaalala niya kung anong ginawa niya noon tungkol dito. Masyado nang huli ngayon.

62 Huwag n'yong hahayaan na maging ganoon sa atin. Ito na ang oras na dinalaw tayo. Alalahanin natin si Cristo, na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, Mga Hebreo 13:8. Huwag n'yo nang hintayin pa hanggang sa mapunta ka sa kung saang ibayo roon, sa mga isinumpa, sa dimensyong 'yun kung saan hindi ka na makakapunta sa Presensya ng Diyos, at tapos na ang oras mo sa lupa, na sa kakila-kilabot na bangungot ay maaalala mo na nagkaroon ka ng pagkakataon at tinanggihan mo ito. Ibunsod n'yo na bigyang-pansin ito ng mga kabataan. Bigyang-pansin ng lahat ito.

63 Hindi kailanman seryosong pinag-isipan ito ni Herodes. Sa nag-iisa niyang pagkakataon, humiling lang siya na maaliw, at umaasa siya na gagawa si Jesus ng kung anong uri ng salamangka, huhugot ng kuneho mula sa sumbrero, o, alam n'yo na, o kung anong bagay. Inisip nito na marahil Siya, sa madaling sabi, itinuring niya Ito na parang isang salamangkero. "Nabalitaan namin na kaya Mong gumawa ng mga pakitang-gilas. Ipakita Mo ngayon sa akin ang pakitang-gilas Mo."

64 At masabi ko nawa ito nang may pagpipitagan. Pero ilang beses nga na may mga naturingang ministro ng panahong ito, ang nagsabi, "Kung may Espiritu Santo, kung naniniwala kang ang Espiritu Santo ay katulad pa rin noong una, patingin nga't kunin mo si matandang *Ganito-at-ganito* rito, o *ito*, o, ang lalaking *ito* rito, ang babaing *ito* rito. Kukunin ko sila. Patingin nga na ipamalas mo ito."

65 Napagtatanto kaya nilang 'yun ang parehong espiritu (hindi, hindi nila naiisip 'yun) na nagsabi kay Jesus, "Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, kunin Mo't, gawin Mong tinapay ang mga batong ito. Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, sabihin Mo sa amin kung sinong humampas sa Iyo sa ulo. Kung Ikaw nga'y isang Propeta, sabihin Mo sa amin kung sinong humampas sa Iyo," matapos na talukbungan ng basahan ang Kanyang mukha. Hinampas Siya sa ulo, at pagkatapos ay pinagpasa-pasahan ang pamalo, sabi, "Sabihin Mo sa amin, kung isa Ka ngang Propeta. Sabihin Mo sa amin kung sinong humampas sa Iyo kung ganoon. Sabihin Mo sa amin, kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos. Tapat kami sa aming mga puso. Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, bumaba Ka sa krus at paniniwalaan naming Ikaw ang Anak ng Diyos."

66 Naiisip ko kung maraming tao kaya sa panahong ito, kapwa lalaki, babae, bata at matanda, ang hindi kaya't nakatayo sa parehong katayuan mismo. At maaalala n'yo, balang araw, na napasa Presensya Niya kayo, sa Kanyang Bukal; at ang ginusto'y makakita ng isang pakitang-gilas, o ginustong makakita ng isang salamangka o kung anong iba pa, "Mapapaniwala ako Dito kung ganoon. Patayuin Mo ang mga balahibo ko sa likod, at hayaang gawin ko 'yung *ganito* o *ganoon*, tapos paniniwalaan ko Ito." Kita n'yo, kung anong sensasyon, na malinaw na idolotriya! Hayaan n'yong aking . . .

67 Alam n'yo, sinabi ni Jesus sa isang kaso, nagtanong Siya ng isang katanungan. Gusto kong itanong ito sa iglesya ngayong gabi. Sabi ni Jesus, "Bakit? Bakit? Bakit n'yo Ako tinatawag na inyong 'Panginoon,' at hindi n'yo naman ginagawa ang mga bagay na inutos Ko sa inyong gawin? Bakit n'yo Ako natatawag na 'Panginoon,' at hindi tinutupad ang Aking Salita? Bakit n'yo Ako natatawag na 'Panginoon,' at tinatanggihan ang mga bagay na iniuutos Ko sa inyo na ipangaral at ituro?" Ano ito? Anong may gawa nito? Ito'y dahil may ilang makadenominasyong tradisyon na nakahambalang sa pagitan nila at ng Salita. At ang anumang nasa pagitan n'yo at ng Diyos, ay isang diyus-diyosan, kinukuha nito ang lugar ng Diyos. Bakit kayo tumatawag ng "Panginoon"? Ang ibig sabihin ng *Panginoon* ay "pagmamay-ari," pag-aari ng Panginoon ang ari-arian. At kung pag-aari ako ng Diyos, kung ako ay Kanya, at ibinaling Niya ako isang araw noong nasa maling daan ako, at tinawag ako para sa isang layunin, anong gagawin ko kundi tuparin ang Kanyang nais, kagaya ng ginawa ni Pablo. Papaano ako gagawa ng anumang iba pang bagay maliban sa tuparin ang Kanyang Salita? "Bakit n'yo Ako tinatawag na 'Panginoon'?"

68 Gusto kong banggitin ang isa pang tao rito, tingnan n'yo ang tungkol sa kanya. Paano nga si Judas, anong kailangan Niyang maalala ukol kay Jesus? Pinag-uusapan natin ang tungkol sa pag-alaala sa Panginoon. Si Judas sa gabing ito at, oh, hanggang sa maglaho na siya, ay kinakailangang maalala na ibinenta niya ang kanyang pagkapanganay. Ibinenta niya si Jesus para sa pansariling kapakinabangan. Tinutuya natin si Judas. Sinasabi nating siya'y karumal-dumal, masamang lalaki, hindi siya angkop sa anumang lugar o anumang lipunan, hindi siya angkop para sa Langit. Bakit? Ibinenta niya ang kanyang Panginoon, pagkatapos niyang magkaroon ng pagkakataon na maging isang—isang alagad, na maging isang apostol, ang pinakamataas na pagkatawag sa Biblia, mas mataas kaysa sa isang propeta. Nagkaroon siya ng pagkakataon na maging isang—isang apostol, at ibinenta ang karapatan na 'yun para sa pansariling kapakinabangan. At ngayon kailangan niyang maalala 'yun. Ganoon niya maaalala si Jesus: sariling kapakinabangan.

69 At ilan pa kaya sa kanila ngayong gabi ang nakatayo mismo sa pulpito, nagsusuot pa rin ng balabal ng mga mang-aawit sa simbahan, nauupo sa upuan ng diyakono, o nanunungkulan na ingat-yaman, katiwala, o ano pa man ito, may tungkulin sa simbahan, o ministro sa pulpito, at ibinebenta pa rin ang pagkakataon niya para sa sariling kapurihan, "Doktor, Obispo *Ganito-at-ganoon*," para sa pansariling kapurihan, pansariling kapakinabangan.

70 Sabi sa akin ng isang lalaki minsan, "Naniniwala akong 'yan ang Katotohanan. Pero kung ipangangaral ko 'yan, mamamalimos ako roon sa lansangan."

71 Naaalala n'yo pa ba 'yung mayamang lalaki at si Lazaro, kung ano ang kanilang huli't Walang Hanggang yugto na kinatayuan? Bagama't ang isa ay may. . . ay isang pulubi, at ang isa naman ay isang mayamang tao, pero nabago ang situwasyon isang araw at naalaala nilang pareho. Ganoon din naman, sumisigaw ang mga tao ngayong gabi tungkol sa ibinenta ni Judas si Jesus para sa pansariling kapakinabangan, at napakadami ang ganoon din ang ginagawa ngayon, ibinebenta Siya para sa pansariling kapakinabangan.

72 Maaalala rin ng saserdote noong mga araw na 'yun na ibinenta nila ang kanilang pagkakataon sa Kanya, ang kanilang pagkakataon na maging tagapaglingkod Niya, na maging Kanyang alagad, na maging isang naakay sa Kanya. Ibinenta nila ito para sa lungting-lason na inggit. Inggit na inggit sila sa Kanyang Turo't Aral. Aba, noong labindalawang taong gulang pa lang Siya, kaya na Niya silang hamunin sa anumang paraan; at hindi pa rin nakilala, na ang Mesiyas 'yun. Hindi nila kaya ang mga bagay na ginagawa Niya. At natatakot sila na mawawala ang kanilang karangalan sa harap ng mga mas nakatataas-at-nakatataas na mga tao, at ibinenta tuloy nila ang kanilang pagkakataon. At sila rin ay may sala kagaya ni Herodes.

73 At ganoon din ang miyembro ng simbahan ngayon. Kung nanalig sila sa kanilang mga denominasyon at iba pa, noong mga araw na 'yun, at natakot na mawalan ng kanilang—ng kanilang karangalan, paaalisin sila sa mga sinagoga, ano nga 'yun? Yun nga'y idolatriya! Sumasamba sa idolatriyang kredo o isang idolatriyang pansimbahang relihiyon, sa halip na tanggapin ang buhay na Salita na nahayag sa harap nila.

74 At nakita nila ang Salita ng Diyos. Sinabi ng Biblia, "Nakita natin Siya at nahawakan Siya." Nahawakan ng mga kamay ng mga tao noon ang literal, na buhay, na nahayag na Salita ng buhay na Diyos; at pinabayaang pumagitan ang mga tradisyon at mga kredo sa kanila, paghuhugas ng mga palayok at kawa, napakaruming bagay ang nasa pagitan nila at ng buhay na Diyos. Oo.

75 Ano ito? Hindi makatarungan ang kanilang paghusga. Hindi makatarungan ang hatol nila laban sa Kanyang malinis, na malinaw na Ebanghelyong Kasulatan na itinuturo Niya, ang Salita ng Ama. Naiinggit sila sa Kanya. Hindi naging patas ang tingin nila sa Kanya. Hangga't mayroon silang pag-alaala, haya't, maaalala't maaalala nila sa impyerno, sa ganoon din sila maaalala. Ganoon nila Siya maaalala.

Sasabihin n'yo, "Oh, 'yung mga Fariseo 'yun."

76 May munting ginang na dating pumupunta rito sa simbahan. Oh, sa palagay ko marahil marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya, nakatira siya rito sa may kalye sa di kalayuan. Tumalikod na siya. At sa tuwing nakikita ko siya, tumatakbo siya sa akin, inilalagay ang mga kamay niya sa akin, "Kapatid na Bill, ipanalangin mo ako. Tumalikod na ako." Ang asawa niya'y isang. . .Hindi, sa tingin ko nakatira sila mismo sa kalye rito. Nakita ko siya sa Espiritu, nakita ko ang Espiritu ng Diyos sa kanya, at sumasayaw siya, nagagalak at iba pa. At siya'y tumalikod na. At nakaratay siya kamakailan sa isang ospital dito, nag-aagaw buhay, ang akala nila. At pinatawag niya ako para pumunta't ipanalangin siya.

77 Siya at ang kanyang asawa ay napakabuti sa maybahay ko, noong ang maybahay ko, ay isang maliit pa't, gusgusin, na madungis ang mukhang dalaginding, at binibilhan nila siya ng isang maliit na bestida o kung ano paminsan-minsan, para tulungan siyang makapasok sa paaralan. Gaano man kaliit ito, hindi ka maaaring makagawa ng isa mang bagay para sa Diyos na hindi Niya ito naaalala. "Yamang inyong ginawa sa isa rito sa Aking mga pinakamaliliit, ay ginawa ninyo sa Akin." At gaya ng tinapay sa tubig, ay babalik ito.

78 Nakahiga roon itong kaawa-awang, munting, babae na tumalikod sa pananampalataya, umiiyak, hawak ang kamay ko. At siya. . .sabi ko, "Buweno, kapatid, ako'y—ako'y mananalangin para sa'yo."

79 At nakahiga sa katabing higaan niya ang isang babaing naroon na nakahalukipkip ang mga braso, nakatingin sa akin. At nakaupo sa tabi niya ang binata niyang anak, na mga magdadalawampu ang edad, isang modernong mukhang-Ricky.

80 Kaya, hindi sa pagbababa kung mayroon dito na may pangalang Ricky, pero ang ibig kong sabihin 'yun ay isang. . . wala kang maririnig na ganyang pangalan noong mga nakalipas na panahon. Yang Elvis at Ricky, at pangalan nga 'yan sa panahong ito, kita n'yo. Kung may anak kang pinangalanan mo ng ganoon, tawagin mo ito sa kanyang gitnang pangalan, hayan nga, o bigyan mo ng iba.

81 At noong nakaupo siya roon nang paganoon, tumingin, at sinimulan ko nang iyuko ang aking ulo, at nakita ko siyang

nakatingin nang talagang. . .Sabi niya, "Sandali lang! Hilahin mo ang kurtina!"

82 Sabi ko, "Maghahandog lang ako ng panalangin para sa ginang. Hindi ba—hindi ba isa—isa kayong mananampalataya?"

83 Sabi niya, "Sasabihin ko sa'yo, mga Methodist kami, at gusto naming hilahin mo ang kurtinang 'yan!"

"Opo, ginang," at hinila ko ang kurtina.

84 Kita n'yo, parehong-pareho. Ganoon din sa panahong ito, masama ang palagay! Paano niya nalaman kung anong uri ng ministro ako? Hindi ko pa nakita kailanman 'yung babae. Pero narinig niya marahil na may nagsabing naniniwala ako sa pagpapagaling ng mga maysakit, at naturuan siya ng laban dito. Wala siyang kinalaman dito, hinugasan niya ang mga kamay niya laban dito. Natakot siyang mahawaan siya nun. Huwag kang mag-alala, hindi mangyayari, kung papaano nga na di kayang hugasan ito ni Pilato mula sa kanyang kamay.

85 Ngayon, hindi 'yun pagsasabi ng anumang kahiya-hiya tungkol sa mga taong Methodist; isang babae lamang 'yun. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Kita n'yo? Baka ganoon lang ang ugali niya. Sa palagay ko hindi naman lahat ng mga Methodist ay ganoon, dahil naipanalangin ko na ang marami sa kanila. Tinatawagan nila ako para ipanalangin sila, at isinagawa sa gitna nila ang mga tanda't mga kababalaghan. Hindi ito kailanman dahil sa mga tao sa mga iglesyang ito; ito'y dahil sa sistema na nakapailalim sila, 'yun ang may bunsod nito. Pero siya'y isa sa ganoong uri. Ano 'yun? Purong lungting-mata na lason, sinapian-ng-demonyo na pagkainggit.

86 May sasabihin ako na isang bagay. Sa—sa isang pagtitipon dito sa siyudad minsan, at tinanong nila kung bakit hindi nila ako tinawag doon. Pero palalampasin ko na lang 'yun dahil narito ako sa atin. Pero, at sa kabila nun, walang dahilan, ito'y pagkainggit lamang, ito'y kredo, ito'y idolatriya. Ganoon na lamang na gusto nating yakapin ang bawat isa, pero kung iniiwasan ka. . .gustong gawin sana ni Jesus. Tandaan n'yo, balang araw tiyak na maaalala n'yo 'yun. Tiyak na maaalala n'yo ito.

87 Ipinaalala lang nito sa akin ang isang patotoo na ipinatotoo kamakailan lang. Isang ministro, at nasa elevator siya papaakyat, dito sa may Heyburn Building. At may tatlong lalaki na nakatayo kasama ng ministrong ito sa loob—sa loob ng elevator, at hindi nila—hindi nila alam na isang ministro pala ang lalaking ito, sa palagay ko'y hindi nga. At habang papaakyat sila, huminto silang lahat sa ikawalong palapag. At tumingin ang isang lalaki sa ministro, at sabi, "Alam mo kung ano? Ito na ang pinakamalapit sa Langit na mararating natin."

88 "Buweno," sabi nung ministro, "sa palagay ko—sa palagay ko tama ka. Sa palagay ko—sa palagay ko tama ka, hangga't

nagtitiwala tayo sa sarili nating mga kakayanan, ito na ang pinakamalapit na mararating natin." Siyanga. Hangga't nagtitiwala ka sa ginagawa mo, inaalala mo kung anong ginawa mo. At tiyak kong alam ng karamihan sa atin na wala tayong nagawang anuman, hindi tayo karapat-dapat sa anuman. Sabi, "Sa palagay ko kung nagtitiwala tayo sa sarili nating kakayahan, hanggang dito na lang kalayo ang mararating natin." Buweno, kung nagtitiwala tayo, hanggang doon nga lang ang mararating natin.

89 Pero, oh, may gusto akong sabihin. Kung kakalimutan ko lang kung ano ako, at alalahanin kung ano Siya, kung maaalala ko si Jesus, kung maaalala ko Siya sa krus, kung maaalala ko kung anong ginawa Niya para sa akin, at maaalala ko ang oras na hinugasan Niya ang mga kasalanan ko, at ipinagkaloob sa akin ang Espiritu Santo upang patnubayan ako, kung ganoon ako'y itinataas sa lahat ng bagay na kumukontrol sa sanlibutang ito. Ako'y itinataas sa bawat makasanlibutang bagay, tungo sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus, kung saan maaari akong makipisan sa Kanya. Doon sa Kanyang Presensya, na kinakalimutan kung ano ako noon, kinakalimutan ang lahat kong kasalanan at lahat-lahat, dahil ang mga 'yun ay nasa Dagat ng Pagkalimot na. Kinakalimutan na ang lahat kong nakaraan, kinakalimutan ang lahat ng bagay, at inaalala na ginawa Niya akong Kanya, sa pamamagitan ng Kanyang Sariling kamatayan. Kinuha Niya ang lugar ko. At ako na walang karapatan na pumunta sa kahit saan kundi sa impyerno, kinuha Niya ang lugar ko't itinaas ako mula sa impyerno. Nagpunta Siya roon para sa akin. At itinaas Niya ako sa pamamagitan ng Kanyang kasaganaan ng biyaya, na hanggang ngayon tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, at nakaupo tayo sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus, na palaging nagagalak at inaalala Siya na nagligtas sa atin hanggang ngayon. At sa tumitibok na pananampalataya sa ating mga kaluluwa, na nagtutulak sa atin, at sa pamamagitan ng biyaya'y patuloy Niya akong dadalhin.

90 At sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya ay nakikita ko ang Kanyang Kasulatan na natutupad, "Ang lahat ng mga nakilala Niya nang una pa, ay Kanyang tinawag; ang lahat ng Kanyang tinawag, ay Kanyang inaring-ganap; ang lahat na Kanyang inaring-ganap, niluwalhati naman Niya." Kaya't sa pag-iisip na ito, tumatayo ako sa kongregasyon ng mga tao, kung saan naroon ang Espiritu ng Diyos, at mga itinaas para maupo sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus. Hinihintay ang oras kung kailan itong kalunos-lunos na anyo ng buhay ng tao na may mortal na tibok ng puso, na haya't kailangang huminto balang araw, kapag ito'y binago na't binigyan na ng isang puso ng Espiritu na titibok sa buong walang humpay na oras lampas pa roon, nang wala nang karamdaman, wala nang pagdadalamhati,

wala nang pagtanda o ano pa man.

91 Alalahanin n'yo si Jesus. Kapag naubusan na ang tapayan sa bahay, at wala nang harina, alalahanin n'yo si Jesus. Kapag sinabi ng doktor na wala nang tsansa, alalahanin n'yo si Jesus. Kapag tinutukso kayo ng diyablo; habang inaawit natin ang awit ng pagtatapos natin, "kapag patipon nang patipon ang tentasyon, sambitin mo lang sa panalangin ang Banal na Pangalang iyon."

92 Inaalaala si Jesus, inaalaala na darating Siyang muli. Ang siya ring Jesus na kinuha sa atin ay babalik na muli nang ganoon din sa kung paano natin Siya nakita na pumunta sa Langit. Alalahanin n'yo, babalik Siyang muli para sa Sariling Kanya.

93 Manalangin tayo. At habang nakayuko ang ating mga ulo, at habang nasa puso n'yo pa rin ang maiksing paputol-putol na Mensaheng ito, ibig n'yo bang alalahanin Niya kayo ngayon? Kung ibig n'yo, itaas n'yo ang inyong mga kamay, at sa isang katangi-tanging hiling, "Panginoon, alalahanin Mo po ako." At gaya ng sinabi ng makata, "Alalahanin Mo ako kapag tumutulo na ang mga luha."

94 Kabanal-banalan naming Ama, lubos kaming nasiyahan sa Presensya ng Espiritu Santo, habang ipinapakita Niya sa amin ang Salita ng Buhay, habang inaalaala namin ang hukay kung saan kami hinango at inalis na ngayon buhat sa hukay na 'yun at hinubog para maging mga anak ng Diyos, sa pamamagitan ng biyaya ni Jesus Cristo. Naaalala ko Siya, noong tumingin ang isang doktor sa mukha ko't nagsabi, "Ilang minuto na lamang," naalala ko si Jesus. Naaalala ko si Jesus, noong naroon ako sa may altar na nagsusumamo para sa habag at nabibigatan ang aking kaluluwa, naalala ko ang dalahin na nawala sa akin. Kinuha ni Jesus ang pasanin ko. Ilang buwan na ang nakalipas, nakaupo sa bangko, na tinitingnan ang teleskopyo ng kargahan ng bala nung baril, para barilin ang isang target, at naisip marahil ni Satanas, "Ito na ngayon ang pagkakataon ko." Noong sumabog ang baril, at 'yung kargahan ng bala at puluhan at armahan ng baril ay nagkalasog-lasog sa lahat na direksyon, at nagliparan ang apoy sa harapan ko, at sinubukan kong bumangon, at tumilamsik ang dugo, naalala kong naroon si Jesus. Noong ang doktor, noong tiningnan niya't nakitang walang napinsala, sabi niya, "Ang tanging bagay na nalalaman ko, ay siguradong nakaupo roon ang Panginoon, siyanga, para proteksyunan ang Kanyang lingkod, nagkapira-piraso na sana siya sa ganoong pagsabog." Oh Diyos, gaano ngang naalala namin ang lahat ng mga bagay na 'yun!

95 Dumudulog kami sa Bukal na puno ng Dugo, na nagmumula sa mga ugat ni Emmanuel. Pagpalain Mo po kami, Panginoon, nang sama-sama ngayong gabi. Batid Mo ang—ang layunin at ang motibo sa likod ng bawat puso na nagtaas ng kamay. Batid Mo ang ninanais at ang pangangailangan. At bilang Iyong

lingkod, Panginoon, ako'y—ako'y lumalapit kasama sila, at—at paakyat mula sa tabernakulong ito ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, patugaygay kami, lampas ng mga ulap at ng buwan, at ng mga bituwin at ng—ng Puting Milky Way, at ngayon ay nakarating na kami sa Presensya ng Diyos. At narito sa may harapan ko ang isang ginintuang altar, na doon ay nakahimlay ang Hain na aming inaalaala, si Jesus, na nagsabi, "Hilingin n'yo lamang sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan, Aking—Aking ipagkakaloob." Huwag Mo pong itulot na mabigo ang aming pananampalataya, Panginoon, kundi maalala namin na tinatanggap namin ang anumang aming hilingin, kung sinasampalatayanan namin ito, habang inaalaala namin na namatay si Jesus upang siguraduhin ito para sa amin at para gawing tiyak ito.

96 Panginoon, nakikita naming pinalalawak Mo ang aming gusali. Ikaw ang gumawa nito para sa amin, na nagbigay ng karagdagang lawak sa aming simbahan. At alam naming Ikaw ito, Panginoon, Na nagbigay sa amin ng simbahan sa pasimula. Idinadalangin po namin na Iyong pagpalain ang mga pagsisikap na ito.

97 Panginoon, idinadalangin namin ang aming pastor, si Kapatid na Neville, ang Iyong mapagpakumbaba't maunawain, na tapat na lingkod. Handa siyang maglingkod sa anumang kapasidad, kahit na ito'y sa likurang upuan o kung ito man ay paglilinis ng simbahan. Saan Mo man siya kailanganin, doon nga'y gusto niyang maging kagamit-gamit, para maglingkod sa Iyo saan Ka man tumawag. Idinadalangin namin, Diyos, na—na pagpalain Mo siya.

98 Diyos, itong matinding pagsubok na katatapos ko lamang pagdaanan, at ang mga katiwala rito na tumayo sa tabi ko, at ang iglesyang ito na—na nanalangin para sa akin, at sa huli'y dumating ang tagumpay. Oh Diyos, idinadalangin ko sila. Inaalala ko sila, rin naman, Panginoon, at tiyak kong Ikaw rin po.

99 Inaalala namin kung paano Ka naging pagpapala sa amin. At inaalaala namin ang Iyong Salita, na hindi Mo kami kailanman iiwan ni pababayaan man. Walang magiging anumang kinalaman ang katandaan dito, aalalahanin Mo pa rin kami, kapag naparam na ang sanlibutan at naglaho na ang oras tungo sa Walang Hanggan. Nasusulat ang parang ganito, "Malilimutan ba ng ina ang kanyang sanggol na pinagagatas? Hindi Ko kayo kailanman malilimutan. Nakaukit kayo sa palad ng Aking mga kamay," ang mga pako na umukit sa aming mga pangalan. Alam naming inaalaala Mo kami, Panginoon.

100 At palagi Ka nawang mapasaaming mga pinakamasayang alaala, bilang aming Tagapagligtas, aming Tagapagpagaling, aming Hari, aming Mangingibig, aming Buhay, aming Sikat ng araw, ang aming Lahat-Lahat, yaong hindi nauubos na bukal ng

biyaya at pag-ibig ng Diyos sa amin na mga nahulog na mga tao ng pamilya ni Adan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, habang ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo ngayon, sa paglabas namin mula sa tabernakulo ngayong gabi, na inaalala si Jesus. Amen.

101 Inaalala n'yo ba Siya? Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon sa tingin ko, sa ating maikling paputol-putol na Mensahe, maaari nating sabihin ito. Sabi ni Pablo, "Anuman ang ating gawin, gawin natin sa Espiritu." Sa lahat ng bagay ay dapat natin Siyang alalahanin. Huwag tayong gumawa ng pasya hanggang sa alalahanin natin Siya; wala tayong gagawin, dahil kung ganoon ay magiging padalus-dalos ito. Kapag sinampal ng kaaway ang isang pisngi, alalahanin natin ang ginawa Niya bago tayo gumanti. Alalahanin natin ang ikinilos Niya. Kung may gagawing pasya, maghintay tayo, alalahanin natin kung anong uri ng pasya ang sa tingin natin ay gagawin Niya, pagkatapos ay 'yun ang maging pasya natin. Kung magmamadali tayo, alalahanin nating hindi Siya kailanman nagmadali. Kita n'yo? Kung labis tayong nababalisa, alalahanin n'yo na tumatahan Siya sa Walang Hanggan, walang anuman ang oras sa Kanya. Ito'y ang motibo at layunin ng puso natin. Alalahanin natin Siya.

102 At alalahanin natin Siya ngayon habang inaawit natin ang awit na ito sa Espiritu ng Kanyang Presensya, *I Love Him*. Kung nananahan ka sa pag-ibig, nananahan ka sa Diyos, dahil ang Diyos ay pag-ibig. Ang mga nananahan sa Diyos ay nananahan sa pag-ibig. Kita n'yo? At ang pag-ibig ay walang pagkapoot. Ang pag-ibig ay hindi nananaghili. Ang pag-ibig ay hindi mapagpalalo. Ang pag-ibig ay hindi nag-uugaling mahalay. Ang pag-ibig ay palaging banayad, kalugod-lugod, mapagpatawad, magandang-loob. Gaano man kapait ang iba, nananatili ang pag-ibig. Ang pag-ibig ang sukdulan ng biyaya. Ang pag-ibig ay ang sukdulan ng Diyos para sa atin. Pagkatapos na mawala ang lahat ng iba pang mga kaloob at bagay-bagay, ang ating mga propesiya, at ating mga wika, ang ating mga interpretasyon, lahat ng mga nagawa natin, o kung ano pa, kapag dumating ang pag-ibig, ito na ang sukdulan. Ito'y higit sa lahat, dahil ang lahat ng iba pa ay nabibigo. Ito ang—ito ang pasya ng Korte Suprema. Ito ang Haliging kinatatalian. Ito ang Tala sa Hilaga na nagpapanatili sa mga maglalayag sa kanilang direksyon. Ito ang Kompas na gumagabay sa atin. Ang pag-ibig ang sukdulang pinagsasaligan. Alalahanin natin ito habang inaawit natin, "I love Him."

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

I love Him, I love Him

Because He first...

Ngayon alalahanin, "Inibig Niya ako, at ibinigay Niya ang Kanyang Anak."

And purchased my salvation
On Calvary's tree.

103 Ngayon habang tinitipa ng ating kapatid ang awiting ito para sa atin...[Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *I Love Him*—Pat.] Atin lamang sa katamisan ng pakikipagbuklod, habang nakaupo tayong sama-sama sa Makalangit na mga dako kay Cristo, ngayon nga'y alisin n'yong lahat, ang lahat mula sa inyong puso. At tandaan n'yo, ganoon ang sinasabi ng Salita ng Diyos. Ako'y Kanyang lingkod. Narito Siya. Kaya naman makipagkamay lamang tayo sa isa't isa, at sabihin, "Pagpalain ka ng Diyos, kapatid." Kung mayroon kang kaaway, tumayo ka't puntahan mo siya, kita n'yo, "Pagpalain ka ng Diyos, kapatid," habang inaawit natin uli ang koro at nagkakamayan tayo sa isa't isa. Maaari n'yo ba itong gawin, nang talagang banayad sa Espiritu.

I love Him, (Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na
Roy.)...love Him
Because...first loved me
And purchased my salvation

...?...Habang nakataas ang mga kamay natin ngayon.

I love Him, I love Him
Because...(Alalahanin n'yo si Jesus!)
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

104 Ngayon po'y iyuko natin ang ating mga ulo at ihiging ito. Habang inaalala si Jesus!

...first love me.

[Humihiging si Kapatid na Branham.]

105 Ngayon habang tinutugtog ng kapatid nating babae, nang banayad at marahan, hinihiling ko sa ating mabuting kapatid... Kapatid na Neville, may pananalita ka pa ba na gusto mong sabihin, kahit ano? Sige. Hinihiling ko kay Kapatid na Collins diyan, ang ating tapat, na munting kapatid dito, na isa sa mga katulungan, kung maaari niyang isara ang gawain sa panalangin. Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, Kapatid na Collins.

62-1209 Pag-alaala Sa Panginoon
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org